P Sa oras ng emerhensiya at sakuna

Back to the top of P Emergencies/Disasters

1 Sa oras ng emerhensiya

Kapag may sakuna, sunog, aksidente o naganap na krimen tulad ng nakawan, maging kalma at humingi kaagad ng tulong. Nakalagay sa bahaging ito ang mga numero ng telepono na maaaring tawagan at ipapaliwanag kung ano ang dapat gawin sa oras ng emerhensiya.

1-1 Emergency call kapag may sakuna, sunog, aksidente o naganap na krimen

(1) Numero para sa emergency call

Ang sumusunod ay mga numero para sa emergency call at lahat ng ito ay maaaring tawagan nang 24 na oras.

●Numero para sa emergency call

EMERHENSIYA 119 **(bumbero)** Kapag biglang nakaramdam ng matinding sakit o nasugatan at kailangan ng ambulansya. 	SUNOG 119 **(bumbero)**
AKSIDENTE 110 **(pulis)** 	KRIMEN (tulad ng nakawan) 110 **(pulis)**

Ang mga ito ay para lamang sa oras ng emerhensiya. Huwag itong tawagan para sa pagasangguni o pagtatanong. Libre ang paggamit ng ambulansya subali't hindi ito maaaring gamitin kapag hindi malubha ang sakit o sugat (at maaari lamang dalhin ang tao sa pamamagitan ng sariling sasakyan o taksi).

P Sa oras ng emerhensiya at sakuna

Back to the top of P Emergencies/Disasters

(2) Mga teleponong maaaring gamitin

Maaaring tumawag sa 119 at 110 mula sa landline, payphone, cellphone at PHS. Kapag payphone ang gamit, hindi na kailangang ibigay pa ang lugar na kinaroroonan dahil malalaman na nila ito.

●Paraan ng pagtawag mula sa payphone

Hindi kinakailangan maglagay ng barya o telephone card kapag tatawag mula sa payphone at pindutin lamang ang bahagi na para sa emerhensiya. Angatin ang telepono, pindutin ang pulang bahagi na para sa emerhensiya at i-dial ang 119 o 110.